



Pagtatrabaho sa UK

Gabay para sa mga manggagawa na may hawak na

- **seasonal worker visa holder**
- **seasonal worker with granted Pre-Settled Status**

Ang gabay na ito ay para sa mga manggagawa na pansamantalang nagtatrabaho sa agrikultura. Maaari kang magtrabaho bilang isang migrante na pinagkalooban ng “Pre-Settled Status” o bilang isang migrante na may hawak na “Seasonal Worker Visa” (Tier 5).

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya ng iyong mga karapatan at suportang impormasyon para sa iyong pananatili sa UK.

Ang gabay na ito ay isinagawa ng New Europeans UK sa pakikipagtulungan sa School of Sociology and Social Policy University of Leeds, COMPAS University of Oxford.



Ako ay may hawak na seasonal worker visa

Ang polyeto na ito ay naglalayong ipaalam sa mga migranteng manggagawang pang-agrikultura sa UK na nagtatrabaho sa ilalim ng “Seasonal Workers Visa Scheme” tungkol sa kanilang mga karapatan habang nagtatrabaho sa UK hawak ang Tier 5 visa.

Ang sumusunod na impormasyon ay partikular para sa mga manggagawang nagtatrabaho sa UK na may hawak ng “Seasonal Worker Visa” (Tier 5).

Maaari kang



- manatili sa UK at magtrabaho sa panahong itinalaga sa iyong certificate of sponsorship
- bumalik at muling mag-apply ng parehas na visa kung nais mong magtrabaho muli ng isa pang taon sa agrikultura o mag-apply ng isa pang visa maliban sa “Seasonal Worker Visa”

Kaligtasan at Proteksyon



- mayroon kang pantay na karapatan sa proteksyon sa pisikal na pinsala, pag-atake at pang-abuso tulad ng bawat mamamayan sa UK
- kung ikaw ay biktima ng isang seryosong krimen o pang-aabuso, o nanganganib ang iyong kaligtasan, huwag mag-atubiling tumawag sa pulisya sa 999 para sa agarang tulong at proteksyon

Karapatan sa trabaho



- may karapatan ka sa pambansang minimum na sahod (national minimum wage)
- may karapatan ka sa sapat, komportable at ligtas na tirahan galing sa iyong employer



Mag-scan gamit ang iyong telepono para sa karagdagang impormasyon



Payo para sa mga empleyado at employer [acas.org.uk](https://www.employer.acas.org.uk)

Ako ay may hawak na seasonal worker visa

Hindi ka maaaring

- kumuha ng permanenteng trabaho
- kumuha ng pangalawang trabaho na hindi nakasaad sa iyong certificate of sponsorship
- makakuha ng pampublikong pondo (tulad ng housing benefit, income support o Universal Credit mula sa gobyerno ng UK)
- magdala ng miyembro ng iyong pamilya
- lumipat sa ibang immigration route habang nasa UK
- manatili sa UK pagkatapos mapaso ang iyong visa (karaniwang balido ng 6 na buwan ang iyong bisa)

*maaari kang mag-apply muli, ngunit kailangan mong gawin ang iyong aplikasyon sa bansang iyong pinagmulan

Pangangalaga sa kalusugan

- sa kaso ng agarang tulong pang-medikal, maari kang gumamit ng serbisyo pang accident and emergency, mula sa A&E Unit o kung saan man, hanggang sa puntong pagtanggap sa pasyente bilang isang inpatient o mabigyan ng outpatient appointment
- kung saan may kaukulang bayad, ang agarang paggamot sa hospital ay hindi kailanman ipagkakait kung ang pasyente ay hindi makabayad
- inirekumenda ang pagkaron ng isang pribadong health insurance na sakop ang iyong pananatili sa UK



NHS
nhs.uk



payo tungkol sa coronavirus
doctorsoftheworld.org.uk/coronavirus-information/

Mag-scan gamit ang iyong telepono para sa karagdagang impormasyon



Para sa 2021, mayroong 4 na certified operators na magdadala ng mga manggagawa sa ilalim ng "Seasonal Worker Visa" (Tier 5)

- Concordia (YSV)
- Pro-Force
- AG Recruitment
- Fruitful Jobs

Ako ay may hawak na seasonal worker with granted Pre-Settled Status

Ang sumusunod na impormasyon ay partikular para sa mga manggagawa na pinagkalooban ng Pre-Settled Status. Nangangahulugan ito na nakatira ka sa UK bago mag-31 December 2020.

Maaari kang



- magtrabaho sa UK
- gamitin (access) ang NHS
- magpatala sa edukasyon o magpatuloy sa pag-aaral
- magpalit ng employer
- maghanap ng trabaho habang ikaw ay nasa UK
- may karapatan kang manirahan sa UK ng 5 taon
- maglakbay sa loob at labas ng UK
- may limitado kang access sa mga pampublikong pondo (maaaring magbago)
- magdala ng ilang miyembro ng iyong pamilya upang manirahan sa UK
- asawa, civil partner, durable partner, anak, apo, apo sa tuhod, magulang, lolo at lola, lolo at lola sa tuhod (kabilang ang pamilya ng iyong asawa o civil partner)
- umaasa na kamag-anak (kabilang, sa ilang mga kaso, ng iyong asawa o civil partner)

Tingnan at patunayan ang iyong status



Mga kakailanganin

- passport / ID / biometric card number na ginamit mo sa pag-apply
- date of birth
- email address o mobile telephone number na ginamit mo sa pag-apply

pagkatapos tingnan at mapatunayan ang iyong status, maaari kang gumawa ng “share code” na isang code na maaari mong ibigay sa iyong landlord, employer, at iba pa.



tingnan at patunayan ang iyong status
gov.uk/view-prove-immigration-status



gabay sa paraan
neweuropeans.uk/managing-your-status

Mag-scan gamit ang iyong telepono para sa karagdagang impormasyon



Ako ay may hawak na **seasonal worker with granted Pre-Settled Status**

ang kahulugan ng entitlement to settled status (indefinite leave to remain)

- nakumpleto mo ang tuloy-tuloy na qualifying period ng limang taon sa UK
- ikaw ay nanirahan sa UK ng hindi bababa sa 6 na buwan sa bawat 12 buwan
- pinahihintulutan ang isang mahabang solong pagliban ng hanggang 12 buwan, ngunit para lamang sa isang mahalagang dahilan (pagbubuntis, panganganak, malubhang karamdaman, pag-aaral, vocational training o overseas posting, o sa ilang mga kaso dahil sa COVID-19 pandemic)
 - >> sa ilang mga kaso, maaari ding pahintulutan ang mga pagliban na mahigit sa 12 buwan ng dahil sa COVID-19 pandemic
- anumang pagliban sa UK dahil sa serbisyong militar o Crown service ay hindi makakasira sa iyong qualifying residence kahit na ito ay mahigit pa sa 12 buwan

Pagkawala ng iyong Pre-Settled Status !

- ang pagliban ng 2 taon o higit pa ay magiging sanhi ng “automatic cancellation” ng iyong Pre-Settled Status
- gayunpaman, kung ikaw ay may hawak na Pre-Settled Status at nais mong mabigyan ng Settled Status sa hinaharap, hindi ka maaaring lumiban ng mahigit na 2 taon dahil ang iyong patuloy na paninirahan sa UK ay masisira ng mahabang pagkawala.
- kung ikaw ay hindi karapat-dapat mabigyan ng Settled Status dahil nasira mo ang iyong tuloy-tuloy na paninirahan sa UK, ikaw ay inaasahan na umalis sa UK bago mapaso ang iyong Pre-Settled Status maliban kung maaari kang mag-apply ng ibang uri ng UK immigration status
- **kung nais mong makakuha ng Settled Status sa hinaharap, mangyaring wag sundin ang panuntunang nagpapahintulot sa iyo na panatilihin ang iyong Pre-Settled Status kung ikaw ay nasa labas ng UK ng hanggang 2 taon**

Mga pinahihintulutang pagliban dahil sa COVID-19:

- isang solong pagliban ng hanggang 12 buwan na nauugnay sa COVID-19 ay tatanggapin bilang mahalagang dahilan
- maaari kang magsulat ng liham kasama ng iyong aplikasyon na may paliwanag tungkol dito sa pagpasa mo ng iyong aplikasyon
- isang solong pagliban ng higit sa 12 buwan na nauugnay sa COVID-19
- kailangan mong ipakita na hindi ka makakabalik o na pinayuhan kang huwag bumalik (ng iyong employer, doktor; halimbawa, nagkaroon ng COVID-19 o dapat ihiwalay)

useful contacts

Human Trafficking and Exploitation

helpline: 0800 0 121 700 (24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, humingi ng interpreter kung kinakailangan) website: modernslaveryhelpline.org

Emergencies

pulis, ambulansya o bumbero at pagsagip: 999 (humingi ng interpreter kung kinakailangan)

Union support

website: www.unitetheunion.org/contact-us/

Pag-report ng mga iregularidad sa iyong sahod at mga karapatan sa trabaho sa ilalim ng National Minimum Wage

website: www.gov.uk/government/publications/pay-and-work-rights-complaints

Pag-report ng pagmamaltrato sa Gangmaster at Labour Authority

telepono: 0800 432 0804

website: www.gla.gov.uk/contact-us/

Patnubay para sa Seasonal Workers sa Scotland

website: www.sasa.gov.uk/sites/default/files/Guidance%20-%20Seasonal%20migrant%20workers%20-%20EnglishSWP%20-%20March%202021.pdf
RSABI seasonal workers helpline (Scotland only): 0300 111 4160

NHS

helpline: 111 (humingi ng interpreter kung kinakailangan)

Coronavirus (COVID-19) Pangangalaga sa kalusugan

helpline: 0800 028 2816

website: www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/

